Kung sa inyong pagpunta sa Presinto ng Dota, at walang tao, iangat lamang ang telepono sa may lamesa, at ito ay automatic na kokonekta sa Kani Police Station. Hindi na kailangang mag-dial ng numero.

# DOTA KOBAN



Issue:
Kani Police Station
Dota Precint
0574-26-0591
Kani Police Station 検索

## Pag-iingat Laban sa Pagkalunod

**Maraming aksidente ang maaring mangyari sa mga lugar na malapit tubig**



Andito na naman ang tag-init at marami sa atin ang nagpaplanong pumunta sa mga dagat, ilog , pool at iba pang palanguyan upang mag relax. Sa mga panahong ito, dumarami rin ang mga naitatalang kaso ng pagkalunod at iba pang mga aksidente. Upang makaiwas sa pagkalunod at iba pang katulad na aksidente, sundin ang mga sumusunod na paalala




Huwag hayaang maglaro ang mga bata ng mag-isa dalampasigan o sa malapit sa ilog.

- Siguraduhing may mga nakakatandang kasama ang mga bata sa tuwing maglalaro sa malapit sa tubig

Huwag akyatin ang mga fence o anumang harang na nakapalibot sa may tubig.

- Kung may harang o fence,ibig sabihin na delikado ito

Bigyan pansin ang panahon. Kung may pagbabago sa panahon, huwag ng ipilit na ituloy ang lakad. Maaring ito ay maging delikado.

- Delikado ang paglangoy sa tuwing umuulan

Huwag lumangoy o, maglaro sa tubig kung naka-inom o masama ang pakiramdam.

- Humihina ang katawan sa tuwing nakainom o kaya ay may sakit

Gumamit ng life jacket. Malaking tulong ang pagsusuot ng life jacket.

- Kung mangingisda, mas maiging mag suot ng life jacket

### POLICE RECRUITMENT!

Ang Gifu police ay tumatanggap ng mga bagong aplikasyon para sa mga nais maging pulis!

Para sa iba pang impormasyon, tumawag lang sa Kani Police Station 0574-61-0110

**Application Period:**
June 30, 2023 hanggang August 4, 2023

## SEMINAR PARA KALIGTASAN, KURSO PARA SA MGA NAKAKATANDA




Upang mas maging ligtas at mapayapa ang pamumuhay, magkakaroon ng seminar patungkol sa pag-iwas at pagsugpo ng krimen. Ito ay malaking tulong lalo na sa ating mga mamamayang nakakatanda.

**Petsa: August 4, 2023 ( Biyerbes)**

**Oras: 10:00~11:00**

**Lugar: Shimogiri Kouminkan, Kani City**

Hindi na kailangan ng reservation,
para sa interesado at nais makinig,
Inaanyayahan kayong sumali!